

# Ang Bayanihan ni Dr. Jose P. Rizal noon At ngayon sa Lungsod ng Dapitan

**Narcisa S. Bureros**

Jose Rizal Memorial State University, Philippines  
narc\_bureros@yahoo.com

**Asia Pacific Journal of  
Multidisciplinary Research**

Vol. 8 No.2, 1-5

May 2020 Part II

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

ASEAN Citation Index

Date Received: August 28, 2019; Date Revised: April 14, 2020

**Abstract** - The teachings, sermons and values of Dr. Jose Rizal has become a living legacy for the young Dapitanons. His magnanimity in pristine Dapitan was colorful and meaningful. Because of his significant contributions that the Dapitanons cared so much, this study was conducted to fully understand the importance of his bayanihan in the history of Dr. Jose Rizal in Dapitan, analyzed the data to determine the state in which Dr. Jose Rizal in the history of Dapitan then and now and assures his contribution to the appreciation of millennials in the spirit of the town. A descriptive method with qualitative techniques for data analysis with the help of questionnaire and focus group discussion was used. A thorough investigation revealed that Rizal's exile in Dapitan was not a punishment but a blessing. Through his work he was able to aestheticize the town plaza, built the relief map of Mindanao and developed the land he purchased into his scholars' place of stay and clinic. The spirit of bayanihan of Dr. Jose P. Rizal has greatly influenced the Dapitanon culture. It strengthens such culture by passing it on to every generation. Until the millennial time, the spirit of Rizal's heroism is vibrant.

**Keywords:** Bayanihan, Dapitan, Dr. Jose P. Rizal, history, Mindanao

**Abstrak** - Ang mga aral, pangaral at pagpapahalaga ni Dr. Jose Rizal sa bayan ay naging huwaran ng mga kabataan. Ang bayanihan ipinamalas niya sa kanyang pagkakatapon sa Dapitan ay naging makulay at makabuluhan sapagkat labis na pinahalagahan ng mga Dapitanon. Upang lubos na mabatid ang kahalagahan ng bayanihan sa kasaysayan ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan, nilimi ang mga datos upang mabatid ang estado nito na ipinunla ni Dr. Jose Rizal sa kasaysayan ng Dapitan noon at ngayon at tiyakin ang naging ambag niya sa pagpapahalaga ng mga melenyal sa diwa ng bayanihan. Ginamit ang deskriptibong pamamaraan na may halong kwalitatibong teknik sa pagsusuri ng mga datos sa tulong ng talatanungan at focus group discussion. Natuklasan na ang bayanihan ay ginawa na sa Dapitan noon pa man. Ang pagkakatapon kay Rizal ay hindi naging parusa bagkus, isang biyaya. Sa pamamagitan ng bayanihan ay nakagawa siya ng patubigan, plasa, mapa ng Mindanao at ang pagpapaunlad sa lupa na kanyang nabili at naging kanyang tahanan, paaralan at klinika. Ang diwa ng bayanihan ni Dr. Jose P. Rizal ay labis-labis na nakaimpluwensiya sa kultura mga Dapitanon. Ito ay nakatutulong sa pagpapatatag sa kulturang kinagisnan sa pamamagitan ng papanatili nito hanggang sa mga salin-lahi lalo na't likas sa mga Pilipino ang pagiging matulungin sa kapwa. Hanggang sa mga milenyal, ang diwa ng bayanihan ay buhay na buhay.

**Susing salita:** Bayanihan, Dapitan, Dr. Jose P. Rizal, kasaysayan, Mindanao

## PANIMULA

Ang pagkakatapon ni Jose Rizal sa Dapitan ay naging makulay at makabuluhan sa kanya at sa mga Dapitanon. Ito ay nagsisilbing pagkakataon upang maibahagi at maipagpatuloy ang makasining at maka-agham na paglilingkod sa bayan.

Ayon kay Verstraeten ang kanyang pagdating ay nakapagbigay ng inspirasyon sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng mga Dapitanon[1]. Mula sa isang masalimoot at primitibong paraan ng pamumuhay,

naging makulay at natutong yumakap sa makabagong teknolohiya. Ang kanyang katauhan at uri ng pamumuhay ang nag-udyok ng pagtangkilik ng modernong pamamaraan. Mga bagay na nagbunga ng pag-unlad at pagsulong sa kultura ng mga katutubo.

Ang buhay ni Dr. Jose Rizal bilang huwaran ng mga kabataang Pilipino na gamitin ang kagalingan at talino sa mabuting paraan upang umunlad ang bayan [2]. Gabay ang pananalig ni Rizal na "ang kabataan ang pag-asa ng bayan". Iminumungkahi sa bawat kabataang

Pilipino na tangkilikin ang mga aral, pangaral at pagpapahalaga ni Dr. Jose Rizal sa bayan upang mapahalagahan ang kanyang kabayanihang nagawa [3]. Mahalagang mabatid ang mga naging ambag niya sa buhay at pamumuhay ng bawat indibiduwal. Ito ay isang kawili-wiling pundasyon at balangkas na kinsasaligan ng kulutra ng mga Dapitanon. Sa pamamagitan nito, makilala ang katatagan at kahinaan ng sarili at ng lahing kinabibilangan. Bukod pa nito, lalong mapahalagahan ang kanyang kabayanihan na nagbibigay-daang mapagtibay ang nasyonalismo at mapalaganap ang pag-ibig sa bayan at lahing pinagmulan.

Dahil dito ay matutulungan ang bagong henerasyon na malaman ang mga proseso ng pag-unlad ng kanilang komunidad sa kauna-unahang panahaon hanggang sa kasalukuyan at mauunawaan ang mga elemento ng kanilang kasaysayan at kultura. Bunga nito, makikita at mauunawaan ang mga kontribusyon ng dakilang bayani bilang pundasyon ng bawat katauhan, maisasadiwa ang pinanggalingan, at minanang kalinangan, malilintang ang kasaysayan na nagbibigay-larawan sa pagkatao at sa mundong ginagalawan.

Mauunawaan lamang ng bagong henerasyon ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap kung pag-aralan ang pinag-uugatan o ang kasaysayan [4]. Sapagkat, ang mga kaganapan sa nakaraan ay karugtong ng ating kasalukuyan at hinaharap. Ang mga ito ang nagbibigay-kahulugan sa iba't ibang bagay at pangyayari sa kapaligiran.

Upang lubos na mabatid ang kahalagahan ng bayanihan sa kasaysayan ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan, nilimi ng mananaliksik ang mga datos upang mabatid at matiyak ang bayanihan na isinasagawa ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan sa pagpapatatag ng kultura ng mga Dapitanon na siyang nag-udyok sa mananaliksik upang ang pag-aaral na ito ay isagawa.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Sinuri ng pag-aaral na ito ang estado ng bayanihan sa kasaysayan ni Dr. Jose Rizal sa Lungsod ng Dapitan. Tiniyak din ang naging ambag niya sa diwa nito at ang pagpapahalaga ng mga Dapitanon sa kulturang namana sa kanya.

#### KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ginamit ang deskriptibong pamamaraan na may halong kwalitatibong teknik sa pagsusuri ng mga datos sa tulong ng talatanungan at Focus Group Discussion

(FGD) na dinaluhan ng mga key informants na mga Dapitanon.

Upang malikom ang mga kinakailangang datos, hiningi ng mananaliksik ang kooperasyon ng mga partisipante sa ginawang pananaliksik. Hinimok na magbigay ng kani-kanilang saloobin ukol sa bayanihang nagaganap sa Dapitan sa kasaysayan ni Rizal. Nang matiyak ang kanilang kahandaan saka ibinigay ng mananaliksik ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. *Ano-ano ang bayanihang isinagawa ni Dr. Jose P. Rizal habang siya ay naitapon sa Dapitan na alam mo o narinig mo sa iyong kanunu-nunuan?*
2. *Paano nakatutulong ang diwa ng bayanihan sa pagpapatatag ng kultura ng Dapitanon?*

Upang mapagtibay ang nakuhang mga kasagutan sa isinagawang FGD, nagbahagi ng iilang mga katanungan ang mananaliksik sa mga matatandang taga-Dapitan. Ang mga katanungan ay *random* at *unstructured* na naglalayong makuha ng mga karagdagang impormasyon upang lalong mabigyan ng matibay na pagkakahulugan ang mga nakuhang mga datos sa FGD. Sa isinagawang Key Informant Interview (KII), pinatunayan na ang mga nabanggit na mga kasagutan sa FGD ay talagang angkop at magkakaugnay.

Ang mga kalahok sa isinagawang FGD at KII ay may mga sumusunod na mga katangian: (1) Babae o lalaki na lumad Dapitanon; (2) Handang makilahok sa FGD at walang pinagkakaabalahan sa panahon ng pagsasagawa nito; (3) Lubos na tumatangkilik sa mga kontribusyon ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan.

#### KINALABASAN ATPAGTATALAKAY

Ang pag-aaral ay binubuo ng mga 62 babaeng Dapitanon at 20 kalalakihan na may edad 18 pababa (41), 50-64 (13), 65-74 (17), at 75 pataas (11).

Labis-labis na nakaimpluwensiya ang diwa ng bayanihan sa kultura ng mga Dapitanon sapagkat mahalaga ang bayanihan sa pag-abot ng hinahangad na adhikain at pagkakaroon ng isang aydentedad. Ang pagpapahalaga ng diwa ng bayanihan ay isang pagkakakikilanlan sagkat ito ay isang lantad na kultura ng mga Dapitanon.

Labis-labis ang pagtangkilik ng mga Dapitanon sa diwa ng bayanihan bilang isang kulturang Pilipino. Ang pagbibigay-halaga sa ipinamanang kaugalian ay masisilayan hanggang sa kasalukuyan tulad halimbawa ng pagkamatulungin sa kapwa at bukal sa loob na kawanggawa na hinaharap ng mga Dapitanon nang walang inaasahang kapalit.

*Talahanayan Blg. 1 Bayanihang isinagawa ni Dr. Jose P. Rizal habang siya ay naitapon sa Dapitan na alam mo o narinig mo sa iyong kanunu-nunuan*

**Bayanihan**

Edukasyon	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Paghihikayat sa mga kabataang lalaki ng Dapitan upang mag-aral at matutong maging maginoo at mamuhay nang marangal</li><li>2. Pagbibigay ng libreng edukasyon sa mga maralita ngunit matatalinong mga Dapitanon at pagbibigay ng pansamantalang tirahan sa mga lalaking mag-aaral</li></ol>
Kalusugan	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Libreng panggagamot sa mga maralitang maysakit na dumarayo sa kanya.</li><li>2. Paggawa ng maliit na hospital at panggagamot sa mga maysakit at pagtanggap ng makayanang bayad mula sa mga nagpagamot na maykaya upang may maigugol sa mga kagamitan sa panggagamot (pang-oopera sa mata)</li><li>3. Paglilinis ng mga bahaging may natitipong tubig upang huwag pamugaran ng lamok</li><li>4. Pangangalap ng mga lokal na halamang gamot sa lupain niya upang makapamimigay ng mga libreng gamot sa mga mahihirap na may karamdaman</li><li>5. Pagbibigay ng libreng payong pangkalusugan upang mapanatili ang masigasig at malakas na pangangatawan ng mga Dapitanon.</li><li>6. Pagtatayo ng sistemang patubig na gawa sa kawayan upang maibahagi ang malinis na tubig sa bawat bahay ng Dapitan</li></ol>
Kabuhayan	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Pagtatayo ng kooperatiba kasama ang mga maralitang Dapitanon na magsasaka at pagtuturo kung paano makipagkalakalan upang maging malaya sa mga negosyanteng dayuhan</li><li>2. Pagtuturo ng mga pamaraan sa pangingsda at pagsasagawa ng mga kagamitan sa pangingsda kasama na ang pagtanim ng bakhaw upang maging sangktuwaryo at lalo pang dumarami ang isdang mahuli sa karagatan</li><li>3. Pagtuturo ng pamaraan sa pagtanim upang magkaroon ng sapat na suplay ng pagkain (gulay, bungangkahoy) at iba pang gawaing agrikultura</li></ol>
Inhenyeriya	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Pagpapaganda ng pook pasyalan (plasa) upang may magandang mapagpasyalan ang mga Dapitanon at mga dayuhan – pagsagawa ng mapa ng Mindanao sa harap ng simbahang katoliko sa pakikiusap ni Kapitan Ricardo Carnicero na noon ay kumander ng distrito.</li><li>2. Paglalagay ng ilaw (sistemang pang-ilaw) sa mga daan papuntang simbahan mula sa Talisay at lansangan ng Dapitan.</li><li>3. Paggawa ng water system (water tank) o patubig sa kanyang lupain kasama ang mga estudyante upang mabigyan ng sapat na tubig ang mga kapit-barangay nang libre sa panahon sa tagtuyot</li></ol>

Sa kanyang sulat kay Blumentritt noong Disyembre 19, 1893, isiniwalat ni Rizal ang kanyang naging buhay bilang tapon sa Dapitan. Kanyang ipinaalam sa mahal na kaibigan ang kanyang gawain sa araw-araw mula umaga hanggang gabi kung saan isinama niya sa kanyang liham ang kanyang buhay bilang manggagamot. Ayon sa kanya, ginagamot niya ang mga mamamayan sa Dapitan na pumaroon sa Talisay nang libre. Nakasaad din sa sulat na iyon ang kanyang gawain bilang edukador at bilang magsasaka. Masasabing ang kanyang naging buhay sa Dapitan ay mabunga at makabuluhan sapagkat hindi kailanman naaksaya ang kanyang mga oras na ipinanatili sa Dapitan.

Sa kanyang sulat kay Blumentritt noong Enero 15, 1895 binanggit niya ang paggawa ng dike na yari sa bato, laryo (brick) at mortar (argamasa) sa kanyang lupain kasama ang kanyang 14 na mga lalaking mag-aaral upang sa gayon ay matuto sila kung paano ang paggawa ng patubigan. Sinundan niya ang pagbanggit nito sa kanyang isa pang sulat kay Blumentritt sa Marso 13, 1895. Sinimulan na ang paggawa ng dike upang magkaroon ng patubig (water depository) para sa tag-init. Ang tubig ay mahigit tatlong metrong lalim na. Idinaan sa laro ang pagsasagawa ng dike.

Ambag ng Bayanihan sa Kultura

Pakikiisa	Nakatutulong ang diwa ng bayanihan sa pagsulong ng pagkakaisa at pagtutulongan ng mga Dapitanon sa oras ng kagipitan at pangangailangan na walang kapalit. Ang konseptong ‘pahina’ ay labis na isinasagawa sa mga pamayanan upang maipaabot ang pakikiisa sa mga gawain nang walang kapalit dahilang upang matagumpay na naisakatuparan at madaling matatapos ang mga gawaing pang-komunidad
Pakikipagkapwa	Ang pagbibigay ng libreng serbisyo na hindi nag-iisip ng kapalit at nakayanan tanda ng pagkakabuklod-buklod at pagtutulongan tungo sa isang mapayapang pagsasama. May kaakibat na responsibilidad sa kapwa ang bawat galaw ng isang mamamayan. Maayos na nakikisalamuha sa mga kapitbahay dahilang upang lalong mapagtibay ang relasyon sa kapwa  Dahil sa maayos na pakikitungo sa kapwa ay umuunlad ang bayan at naging mahigpit ang samahan ng bawat mamamayang Dapitanon. Ang ganitong mentalidad ay nakatutulong upang sama-samang umangat sa buhay ang bawat isa, maiangat ang estado ng kapwa, pangarap at pag-asa sa buhay. Pagpapaubaya at respeto naman ang susi sa tunay na pag-unlad sapagkat kung iisa ang damdamin ng mga Dapitanon ay makakamit ang maunlad at mapayapang pamayanan. Ang kakayahang makiramdam at magtiwala ay nagiging dahilang upang maging sensitibo ang mga Dapitanon sa ugnayang nabuo at dito nakabatay ang kabuhayan at kapanatagan ng loob. Ang ganitong pakikisalamuha ay saligan ng pagkakaisa at katarungang panlipunan.
Pakikiramay	Sa panahon ng kalungkutan o kapag may isang namatayan, hindi nakakaligtaang sumulyap sa kaanak ng nawalan ng mahal sa buhay. Tumutulong ang mga maralitang kapitbahay sa mga gawaing bahay ng namatayan, samantalang ang may kaya sa buhay naman ay nagbibigay ng halaga upang makatulong sa pagpapalibing ng namatay. Samantala, kinukumusta naman ang mga naulila at ang kalagayan ng mga ito upang sa gayon ay maabutan ng nakayanan at tulong. Ang ganitong gawain ay nadadala hanggang sa kasalukuyan at labis na pinahahalagahan ang pagdalo sa seremonya ng patay. Kinikilala ang ganitong kaugalian saan man naroon ang isang Dapitanon at maipagmalaki bilang Pilipinong may naiibang paniniwala sa buhay.

Tinutukan ni Rizal ang edukasyon na sinundan ng libreng pangagamot at pamimigay ng libreng gamot, gawaing pangkabuhayan at inhenyeriya upang mapatingkad ang kalidad ng pamumuhay ng mga Dapitanon. Ang pagkakaroon ng mga pasilidad upang maitaguyod ang gawaing pagtuturo at pangagamot ay pinagkaisahang itaguyod ng mga Dapitanon at ni Rizal kasama ang kanyang mga mag-aaral na hindi nagbabayad ng matrikula kundi nagtatrabaho para sa mga proyekto ni Rizal. Samantala, tumatanggap naman si Rizal ng bayad mula sa kanyang mga pasyenteng mayayaman para sa kanyang paglilingkod-mediko lalo na ang mga nagpapagamot mula sa iba’t ibang panig ng daigdig.

Ang kawanggawa na ipinakita ay lubos na pinahahalagahan ng mga Dapitanon at isinabuhay ang kaugaliang ito hanggang sa ngayon kung kaya matindi ang pagkakaintindi ng mga Dapitanon sa konseptong ‘hospitality’ o maayos na pagtanggap sa mga dayo o mga dumarayo sa pook nang walang alinlangan at ang mahigpit na pagtaguyod sa ‘pahina’ system ng mga Dapitanon. Hindi kailanman balakid sa mga Dapitanon ang paggawa nang bukal sa kalooban kapag mayroong

nangangailangan ng tulong kahit na walang kabayaran ang ibinigay nilang tulong.

Ipinaayos niya ang liwasang bayan upang maayos na makapamasyal ang mga Dapitanon na labis na ikinasiya ng mga ito na hanggang ngayon ay labis na tinatangkilik ng mga Dapitanon lalong-lalo na ng mga kabataan. Ipinamulat ni Dr. Jose P. Rizal na hindi lamang salapi ang kapalit ng kanyang mga kawanggawa sapagkat malugod na tinatanggap nito ang mga kahit na anong makayanan ng mga nagsipunta upang magpagamot. Ang ganitong kaugalian ay matutunghayan sa mga Dapitanon tulad na lamang ang di pagdadalawang-isip na magbigay ng anumang halaga bilang kapalit sa serbisyong natanggap.

**KONKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ang pagmamahal ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan ang nag-udyok sa kanya upang gawing mabunga ang mga araw na kanyang itinalaga rito. Dahil sa kanyang matibay na pananalig na ang edukasyon ang makapagpabago sa buhay at pamumuhay, binigkis niya ang mga kabataang Dapitanon at ginawang taong hitik ang kaalaman sa mga gawaing kaakibat ng edukasyon.

Pinananatili niya ang kagandahang-loob, tiyaga, husay, tibay at tatag sa puso ng mga ito nang sa gayon ay maging mabubuti silang mamamayan.

Samakatuwid, ang apat na taong pagkatapon ni Dr. Jose Rizal sa Dapitan ay nagbunga ng isang matatag na kultura na hanggang ngayon ay niyakap ng mga Dapitanon. Ang pangalan ng lugar na Dapitan na mula sa ‘dapit’, ‘to invite’ ay nananatili hanggang sa kasalukuyan. Mula noon hanggang ngayon ang ispiritu ni Rizal ay nananatili sa puso at diwa ng mga Dapitanon. Ang kanyang bayanihang ipinamulat at ipinamana ay nagsisilbing kaluluwa sa kultura ng Dapitan. Ang mga magagandang katangiang ipinamana ay maaaring makapagbago sa uri ng pamumuhay kung tutularan ang mga adhikain at tutugon sa mga hakbangin tungo sa magandang buhay.

#### **SANGGUNIAN**

- [1] Ruiz, D. (2010). Natanto na Impluwensiya ni Dr. Jose P. Rizal sa Edukasyon at Kultura ng mga Dapitanon.
- [2] Ocampo, A. R. (2008), Rizal Without The Overcoat, Anvil Publishing, Inc., Pasig City.
- [3] Verstraeten, J. P., (2009). KGOR, Growing Up Like Rizal Values, Ideas and Teaching of a Natural Heroes, Natural Historical Institute, Philippines.
- [4] Jalosjos, R. G. (2008). Jose Rizal’s Life and Legacies in Dapitan City, The City Government Dapitan City, Philippines.

#### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).